***JOY B. SA QC, ABBY SA MAKATI, IBA PA UMARANGKADA SA NCR SURVEY***

# Mga babaeng kandidato, top choice sa mga botante

NI MER LAYSON

Patok sa mga botante ang mga babaeng kandidato lalu na sa pagka-Mayor sa National Capital Region.

Ito ang lumabas sa pinakahuling independent survey na isinagawa ng RP-Mission and Development Foundation Inc. (RPMDinc) sa mga tatakbong Mayor sa NCR.

Nasa 8,000 registered voters sa Metro Manila ang lumahok sa non-commissioned survey na isinagawa mula Abril 27 hanggang Mayo 1, 2019.

Una sa mga babaeng kandidato na patok at pinagkakatiwalaan ng mga botante si Quezon City mayoral candidate Joy Belmonte na nakakuha ng 60 porsiyentong lamang laban sa kanyang katunggaling si Vincent "Bingbong" Crisologo, na nakakuha lamang ng 32 percent rating, habang apat na porsiyento lamang ang nakuha ni dating representative Chuck Mathay.

Nananatili namang lamang ng 64 porsiyento si re-electionist Makati Mayor Abigail "Abby" Binay laban sa kanyang katunggali at kapatid na si dating Mayor Jejomar "Junjun" Binay, na nakakuha lamang ng 34 percent rating.

Babaeng kandidato rin ang umaarangkada sa Pasay na si Imelda Calixto-Rubiano na nakakuha ng 74 percent na lamang sa 15 na nakuha kay Chet Cuneta, na kapatid ni Megastar Sharon Cuneta.

Sa Mandaluyong, si Mayor Carmelita Abalos ay nakakuha ng 97 percent at sa Las Piñas ay si Imelda Aguilar na nakakuha ng 94%.

Ilan pa sa nanguna sa NCR survey ay sina Mayor Lenlen Oreta ng Malabon City, sa Maynila ay si dating Vice Mayor Francisco "Isko Moreno" Domagoso sa rating na 50 percent, kasunod si incumbent Mayor Joseph 'Erap' Estrada na nakakuha ng 33 percent, habang si dating mayor Alfredo Lim ay nakakuha naman ng voter preference na 15 percent, Mayor Lenlen Oreta ng Malabon City na nakakuha ng 65 percent.

Sa Taguig City, si Ex-Rep. Lino Cayetano, 67 percent., habang si Toby Tiangco, ng Navotas ay nakakuha ng rating na 76 percent.

Sa Pasig City si Mayor Roberto "Bobby" Eusebio na may 66 percent laban kay Vico Sotto, anak nina "Bossing" Vic Sotto at Coney Reyes, na nakakuha lang ng 33 percent.

Pawang nangunguna rin naman sa survey sina Mayor Rex Gatchalian na nakakuha ng 95 percent, sa Valenzuela City; 62% naman ang nakuha ni Mayor Edwin Olivarez sa Parañaque City.

Sa Caloocan at Muntinlupa, ang mga incumbent candidates ang nangunguna sa survey, sina Mayor Oscar Malapitan ay mayroong 93 percent at si Mayor Jaime Fresnedi naman ay may 57 percent.

Ang iba pang nangungunang kandidato sa May 2019 mayoralty race sa Metro Manila, ay sina Marcelino Teodoro (93%) ng Marikina City at Miguel Ponce III (73%) ng bayan ng Pateros.

Ayon kay Dr. Paul Martinez ng RP- Mission and Development Foundation Inc. (RPMDinc), lumilitaw sa isinagawa nilang survey na ang mga incumbents, kamag-anak ng mga kilalang kandidato, mga seasoned leaders, at yaong may mga malalaking pangalan na ang mananalo sa eleksyon.

Nabatid na ang tanong sa mga respondents sa survey ay, "If elections for mayor are to be held today near your place, who among the following candidates will you vote for?"